Simula sa Ika-14 ng Hunyo, 2026, ang disenyo ng Residence Cards at Special Permanent Resident Certificates ay mababago!



Ibinase sa impormasyon mula sa Immigration Services Agency official website.

Ang mga Residence Cards at Special Permanent Resident Certificates na naibigay ng Linggo ng, Ika-14 ng Hunyo, 2026 o pagkatapos ay magkakaroon ng bagong disenyo. Tingnan ang Immigration Services Agency homepage para sa mas maraming detalye.



Kasalukuyang Residence Card



Bagong Residence Card

Ano ang Residence Card?

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/whatzairyu_00001.html



Kasalukuyang Special Permanent Resident Certificate



Bagong Special Permanent Resident Certificate

Ano ang Special Permanent Resident Certificate?

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/tetuduki_tokubetu_shomeisho_00001.html

Mga larawang kinuha mula sa Immigration Services Agency website.

MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN UKOL SA PAGBABAGO

Kung ang inyong pangkasalukuyang Residence Card o Special Permanent Resident Certificate ay may bisa pa, hindi ninyo kailangan na palitan ito ng bagong disenyo.

Ang inyong kasalukuyang Residence Card o Special Permanent Resident Certificate ay mananatiling may bisa hanggang sa katapusang petsa na nakasaad, kaya maaari ninyong patuloy na magamit ito na valid card/certificate. Kayo ay bibigyan ng bagong disenyo sa inyong susunod na pag-renew.

Ang impormasyon na nakalimbag sa Residence Card ay mababago.

Ang sumusunod na impormasyon ay hindi na ipapakita sa bagong Residence Card; sa halip, ito ay ma-access sa pamamagitan ng IC chip.

・Panahon ng pagtigil (halimbawa 1 taon, 3 taon) ・Uri ng Permiso ・Petsa ng Permiso ・Petsa ng Pagbigay

Maaaring i-tsek ang nilalaman ng IC chip gamit ang “Residence Card Reader Application.” Tingnan ang Immigration Services Agency Homepage para sa mas maraming detalye.

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/rcc-support.html

Ang panahon ng bisa ay mababago para sa Special Permanent Resident Certificates at Residence Cards hawak ng mga permanent residents.

Sa kasalukuyan, ang permanent resident’s Residence Card ay natatapos 7 taon mula sa petsa ng pagkabigay. Sa ilalim ng bagong format o ayos, ito ay may bisa hanggang sa Ika-10 taon na kaarawan ng cardholder matapos ang petsa ng pagkabigay (o kaya ang pang 5 kaarawan para sa mga hindi pa 18). Gayundin ang mga kasalukuyang Special Permanent Resident Certificate ay may bisa pa rin hanggang sa Ika-7 na kaarawan ng cardholder pagkatapos ng pagkabigay, subalit ang mga bagong sertipiko ay may bisa hanggang Ika-10 taong kaarawan pagkatapos ma-issue.

Mga litrato ay kakailanganin para sa mga batang may edad 1 hanggang 15.

Sa kasalukuyan, ang mga litrato ay hindi ipinapakita para sa mga edad mababa sa 16, subalit sa ilalim ng bagong format, ito ay lalabas sa Residence Cards at Special Permanent Resident Certificates para sa mga edad 1 hanggang pataas. Ang mga bagong requirements ay ipapatupad simula sa inyong susunod na pag-aplay o pag-renew, kaya mangyaring siguruhin na magbigay ng litrato.